



Pagresponde sa sekswal na pang-aabuso sa kabataan

Responding to disclosures of child sexual assault

Bravehearts

Educate Empower Protect
Our Kids



BRAVEHEARTS FOUNDATION LTD

PO Box 575 Arundel BC Qld 4214

P 07 5552 3000 F 07 5552 3088

bravehearts.org.au



FREECALL
1800 272 831

Eto ay mahirap sa lahat na isiwalat ang tungkol sa sekswal na pang-aabuso. Para sa mga batang may limatadong kaalaman at pag-unawa sa kung ano ang ibubunyag, ay pinaka-mahirap na gawain. Ang mga may sala ay karaniwang mahusay magkunwari para masigurado na manatiling tahimik ang mga bata. Iba pang dahilan ng di paglantad ng kabataan ay baka

- Nakakaramdan sila baka may kasalanan din sila sa pangyayari
- Nakakaramdam sila ng pagkakasala sa tugon ng kanilang katawan(kahit na di nila kontrolado)
- Nararamdaman nila na baka walang maniwalang sa kanila
- Baka tinakot sila ng may sala na kapag sila ay nagbunyag magdudulot ng problema at pagkasira ng pamilya o ang pagkakulong ng may sala
- Ang taong may sala ay baka isa sa taong kakilala o nagparamdam sa kanila ng pagka-espesyal
- Ayaw nilang may taong magalit o sumama ang loob sa kanila o sa taong may sala

Ang iyong tugon sa pagsisiwalat ng pang-aabuso ay maging unang importanteng hakbang para sa iba pang pinsala. Ang unang tugon na eto ay naka depende sa kalagayan at pangangailangan. Ang pagtugon ay binubuo sa pagpapatupad ng proteksiyon sa mahusay na pamamaraan, angkop na serbisyo sa pagsuporta o pagpasa ng balita sa kinauukulan.

Kung ang bata ay magbunyag, ilagay sa isip ang mga sumusunod:

Makinig: Pakinggan mabuti ang lahat ng sinasabi nila. Tingnan sa mata habang kinakausap, siguraduhin na naintindihan ang sinabi niya, ilagay sa tabi ang pag-iisip irespeto ang pag-iisip ng bata.

Pagtibayin: Sabihin sa bata na naniniwala ka sa kaniya.

Huwag Sisihin: Ipaalam sa bata na ang nangyari ay hindi niya kasalan.

Suporta: Sabihin sa bata na hindi siya ang responsable sa nangyaring pang-aabuso at ipaalam na siguro mahirap sa kaniya na magbunyag.

Kaligtasan: Ipaalam sa bata na gagawin mo ang lahat ng makakaya mo para matulungan sila.

Dokumento: Isulat ang lahat base sa pagsisiwalat ng bata sa ubod ng kakayahan mo. Isali ang pag-uugali at lahat ng sinabi niya kanina na may ipinahiwatag na pang-aabuso.

Tingnan: Suriin sa iyong oganisasyong patakaran sa pag-ulat ng pagbubunyag.

Gawa: Pinaka mahusay na interes ng bata, iulat ang pagbunyag sa iyong barangay o sa polisya.

Iwasan eto....

- Huwag mangako ng hindi mo kayang panindigan katulad ng hindi na nila makikita ang taong may sala.
- Pagsikapin na mapag salita ang bata para makuha ang buong detalye. Kasama nito ang pag-iwas sa pagtanong tulad ng "sino gumawa niyan" o "ginawa ba ni ____ yan?".
- Buksan ang usapan tungkol sa isiniwalat sa mga taong malayo sa nangangalaga sa kaligtasan ng bata.



TIP

- Gumamit ng angkop na salita tulad ng "pwede bang dagdagan mo pa ang sinasabi mo tungkol diyan?" Kung gusto mo pa ng karagdagang detalye.
- Kailangan mong ipaalam sa bata na kailangan mong sabihin sa iba para mapanatili silang ligtas. Eto ay makakasama ng loob nila pero importante na kumilos ka ng protektado para sa bata.

Magkaroon ng kamalayan sa emosyonal na pagkabalisa na nararanasan ng bata, palaging tandaan na batiin ang bata sa maingat at sensitibong pamamaraan tiyakin sa kanila na nandiyan ka para makinig, at gagawin mo ang lahat ng kaya mo para mapanatili ang kanilang kaligtasan.